
5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 1: "Produkto O Serbisyo?!"




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**ICT and Entrepreneurship – Modyul 1: “Produkto O Serbisyo?!”**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176**: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Roque C. Abanador
**Editor:** Wilma S. Carreon, Gina J. Galvez, Gary B. Mosquito
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Elizabeth V. Ballais
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Judella R. Lumpas
Margarito A. Cadayona, Jr.
Jose B. Mondido
Francisco L. Bayon-on, Jr.
Amer L. Santolorin
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Regional No. VIII**
Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## ICT and Entrepreneurship – Modyul 1: Produkto O Serbisyo?

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **ICT and Entrepreneurship – Produkto o Serbisyo?**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang maka-uugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras.Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Modyul ukol sa **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **ICT and Entrepreneurship – Produkto o Serbisyo?**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, masusubukan natin kung ano ang dati mong alam sa aralin na nakapaloob sa modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa iba,t ibang paraan : kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang iyong mga sagot sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul o hingin sa iyong guro ang mga sagot. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o gawain para masukat ang natutunan mo sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman at kasanayan sa tunay na buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Bilang isang *entrepreneur* na nagnanais na magtayo ng negosyong pantahanan o pamayanan. Mahalaga na malaman ang pagkakaiba ng produkto at serbisyo upang mabigyan ng tama at maayos na paghahanda kung alin sa dalawa ang maaaring ialok sa mamimili batay sa kanilang pangangailangan at kagustuhan.

Sa pamamagitan ng Modyul na ito, matutulungan ka upang matukoy ang iyong mga kailangan at kakayahan. Matutulungan ka nitong makilala nang mas mabuti ang iyong sarili, ang ibang tao, at ang iyong pamayanan upang makagawa ka ng mga proyektong mapagkakakitaan. (EPP5IE-Oa-2)

## *Subukin*

**Panuto:** Kilalanin ang mga salita na nasa loob ng kahon. Ilagay sa tamang hanay kung saan ito napapabilang na pangkat - produkto o serbisyo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *Manicurist* | suman | daing na isda | tinapay |
| *mechanic* | guro | *basket* | *Barber* |
| gulay | drayber | | |

| **Produkto** | **Serbisyo** |
|---|---|
| 1. | 6. |
| 2. | 7. |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. |
| 5. | 10. |

# Aralin 1 Produkto O Serbisyo?

Sa panahon ng makabagong teknolohiya, nagbabago ang lahat ng mga bagay at marami ang mga pwedeng mapagkakitaan ng mga tao. Ang ilan ay maaaring makapagnegosyo gamit ang mga produktong karaniwang gawa sa kamay o makina. Ang iba naman ay maaaring matagumpay sa buhay gamit ang kanilang serbisyo sa paglilingkod ayon sa uri ng kaalaman at kasanayan sa iba't-ibang sector sa lipunan.

## *Balikan*

Sa nakaraang modyul ay natutunan mo ang mga oportunidad na maaaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan. Maraming mga bagay ang kailangang sabayan bugso na rin sa mga pagbabagong nagaganap sa lipunan. Maraming mga oportunidad ang dumarating kasabay sa pag-angat ng buhay ng bawat mamayang Pilipino. Ang isa sa mga mahalagang papel na ginagampanan ng isang tao ay ang kumita at magkaroon ng kabuhayan para sa pang araw-araw na pangangailangan.

May alam ka bang mga oportunidad na maaring mapagkakitaan sa tahanan at pamayanan? Ano-ano mga ito? Gaano kahalaga ang mga kabuhayang ito sa mga tao?

## ***Tuklasin***

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang tamang produkto o serbisyo na tinutukoy sa bawat pangungusap.

| | |
|---|---|
| *Chef* | *laundry washer* |
| damit | gatas |
| *Gardener* | *carpenter* |

_____________ 1. Tagalaba ng mga damit, kumot at iba pa.

_____________ 2. Produkto ng sastre o mananahi.

_____________ 3. Tagapag-alaga ng iba't-ibang uri ng halaman.

_____________ 4. Mahusay sa pagluluto.

_____________ 5. Isa sa mga produkto ng baka at kalabaw.

## Suriin

**MGA PRODUKTO**

Ang mga produkto ay mga ani o bunga at mga kalakal tulad ng pagkain, damit, sapatos, gamot, *appliances,* sabon, alahas, sasakyan at iba pa. Maaari rin itong mga bagay na gawa ng mga prodyuser o negosyante upang matugunan ang mga pangangailanagn ng mga tao sa pamayanan.

**Mga Uri ng Produkto:**

- *Durable Goods* – Ito ay mga kagamitang maaaring gamitin nang matagalan.

**Halimbawa:** damit, sapatos, alahas, kasangkapan sa bahay, computer, mga sasakyan at iba pa.

- *Non-durable Goods* – Ito ay mga produktong madaling maubos o karaniwang ginagamit.

**Halimbawa:** mga pagkain, mga inumin, mga sabong pampaligo at panlaba, lapis, papel, at marami pang iba.

**MGA SERBISYO**

Ang serbisyo ay isang uri ng paglilingkod o pagsisilbi gamit ang mga kaalaman at kasanayan sa lipunan at tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao sa pamayanan. Ito ay nahahati sa iba't-ibang sector gaya ng propesyonal, teknikal at mga kasanayan. May mga serbisyo na kailangan muna makapagtapos ng kurso at makakuha ng *board o bar exam* upang makakuha ng lisensiya para makapagtrabaho sa *professional service sector*.

**Mga Uri ng Serbisyo:**

- *Propesyonal* – kailangan nakapagtapos ng kurso at nakakuha ng board o bar exam upang makakuha ng lisensiya.

**Halimbawa:** guro, engineer, doctor, abogado, nars, pulis, accountant at iba pa.

- *Teknikal* – Ito ay uri ng serbisyo na nangangailangan ng mga kaalaman sa paggawa ng mga bagay o pagkukumpuni gamit ang iyong kaalamang *technical.*

**Halimbawa:** auto mechanic, computer programmer, electrician, computer technician, aircraft mechanic at marami pang iba.

- *Kasanayan* – serbisyong nangangailangan ng mga kasanayan sa paggawa.

**Halimbawa:** masahista, mananahi, karpintero, pintor, barbero at marami pang iba.

## *Pagyamanin*

**Panuto:** Ang mga nakasulat sa *cards* ay mga halimbawa ng iba't ibang produkto at serbisyo na makikita sa pamayanan. Ilagay sa tamang hanay ang bawat salita na napapabilang sa pangkat na produkto o serbisyo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| *mekaniko* | sapatos | drayber | *dentista* |
| *computer* | *radyo* | Security Guard | tubero |
| *shampoo* | *kotse* | | |

| Mga Produkto | Mga Serbisyo |
|---|---|
| 1. | 6. |
| 2. | 7. |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. |
| 5. | 10. |

## Isaisip

Ang mga pangangailangan ng tao ay natutugunan dahil sa iba't ibang produkto at serbisyong nasa pamayanan. Ang mga produkto ay mga kalakal na nakikita o nahahawakan, samantalang ang mga serbisyo ay mga aktibidad na ginagawa ng mga tao at makinarya.

Para sa mga karagdagang kaalaman tungkol sa aralin, maaaring sagutin ang mga sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Isulat sa patlang kung <u>Sebisyo</u> o <u>Produkto</u> ang tinutukoy sa bawata bilang. Gawin ito sa kwaderno.

______________ 1. Sila ang gumagawa ng mga pangklinikang pangrepleksolohiya o Pagmamasahe

______________ 2. Ito ay mga pagkain na niluluto sa mga *restaurant* upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

______________ 3. Mga nagtuturo sa mga pampublikong paaralan upang magkaroon ng mgandanag kinabukasan ang mga kabataan.

______________ 4. Mga sasakyang ginagamit ng mga tao sa pang araw-araw.

______________ 5. *Cellphones, laptops* at iba pang mga gadyet na ginagamit ng mga tao sa komunikasyon.

______________ 6. Mga drayber at tsuper na tagahatid ng mga tao sa trabaho at sa paaralan.

______________ 7. Mga doctor at nars na tagapag-alaga ng mga taong may sakit.

______________ 8. Telebisyon at Radyo nagsisilbing libangan ng mga tao.

______________ 9. Kotse, motrsiklo at iba pang uri ng mga sasakyang ginagamit ng mga tao araw-araw.

______________ 10. Tagagawa ng mga plano para sa pagtatayo ng mga malalaking bahay o istraktura.

# *Isagawa*

Gawain 1

**Panuto:** Kilalanin ang mga sumusunod na mga salita. Sagutin kung **Produkto** o **Serbisyo**. Isulat ang iyong sagot sa kwaderno.

1. silya at mesa ____________________
2. pagmamaneho ____________________
3. *buko pie* ____________________
4. pagmamasahe ____________________
5. pagtuturo ____________________

Gawain 2

**Panuto:** Isulat ang Tama kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at Mali kung hindi.

__________ 1. Ang serbisyo ay mga uri ng paglilingkod na kalimitang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga tao.

__________ 2. Ang produkto ay ang mga bagay na ginagawa ng mga negosyante para tugunan ang mga pangangailangan ng mga tao.

__________ 3. Ang mga tao ay walang karapatang magsilbi o magtrabaho para sa mga pangunahing pangangailangan sa pamayanan.

__________ 4. Ang pagbibigay ng serbisyo ay nababatay sa kakayahan ng isang tao at sa kung ano ang kanyang kursong natapos.

__________ 5. Hindi pinapayagan ang isang negosyante na mamili ng produktong maaaring ilabas sa merkado.

## Tayahin

**Panuto:** Batay sa mga natutunan mo tungkol sa pagkakaiba ng mga produkto at mga serbisyo isagawa ang sumusunod. Lagyan ng tsek (√) kung ang tinutukoy ay produkto at ekis (X) naman kung serbisyo. Gawin ito sa kwaderno.

______ 1. *car wash*
______ 2. pamamalantsa
______ 3. kwintas
______ 4. *Cellphone*
______ 5. *buko juice*
______ 6. *Shoe Repair Shop*
______ 7. *computer programmer*
______ 8. manikurista
______ 9. *hamburger*
______ 10. pantalon

## Karagdagang Gawain

**Panuto:** Kumpletuhin ang tsart sa pamamagitan ng pagtatala ng mga produkto at serbisyong makikita sa inyong lugar o barangay. Gawin ito sa kwaderno.

| Produkto | Serbisyo |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin:**

PRODUKTO
1. gulay
2. suman
3. daing na isda
4. basket
5. tinapay

SERBISYO
6. *manicurist*
7. *mechanic*
8. guro
9. drayber
10. *barber*

**Tuklasin:**

1. laundry washer
2. damit
3. gardener
4. *chef*
5. gatas

**Pagyamanin:**

| **Produkto** | **Serbisyo** |
|---|---|
| 1. *computer* | 6. *mekaniko* |
| 2. sapatos | 7. *drayber* |
| 3. *radyo* | 8. *Security guard* |
| 4. *shampoo* | 9. *dentista* |
| 5. kotse | 10. tubero |

**Isaisip**

1. Serbisyo
2. Produkto
3. Serbisyo
4. Produkto
5. Produkto
6. Serbisyo
7. Serbisyo
8. Produkto
9. Produkto
10. Serbisyo

**Isagawa:**

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1. Produkto | 1. Tama |
| 2. Serbisyo | 2. Tama |
| 3. Produkto | 3. Mali |
| 4. Serbisyo | 4. Tama |
| 5. Serbisyo | 5. Mali |

**Tayahin:**

1. X
2. X
3. √
4. √
5. √
6. X
7. X
8. X
9. √
10. √

**Karagdagang Gawain:**

*(Answer may vary)*

## *Sanggunian*


Curriculum Guide EPP5IE-0a-2, p. 17

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran Manwal ng Guro, Grade 5 p. 3

Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran Batayang Aklat, Grade 5 p. 6

DepEd Region 08, EPP-5 Patnubay ng Guro, First Edition 2016, ICT-Entreprenuership, Aralin 3-4 pp. 7-11

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph